MADALAS NA ITINATANONG NA MGA KATANUNGAN TUNGKOL SA PROYEKTO SA IMBAKAN NG TUBIG SA BALBOA

Ano Proyekto ng Imbakan ng Tubig sa Balboa?

Ang San Francisco Public Utilities Commission (SFPUC) ay nagtatrabaho sa San Francisco Planning Department and Office of Economic and Workforce Development sa pagbuo ng Imbakan ng Tubig sa Balboa. Ang puwesto ay hindi kailanman kinakailangan o ginamit para sa imbakan ng tubig at sa kasalukuyan ay isang paradahan sa ibabaw. Ang SFPUC ay nagbigay sa City College ng isang pansamantalang lisensya upang magamit ang garahe.
Ito ay matatagpuan agad sa kanluran ng kampus ng City College's Ocean Campus, silangang kapitbahayan ng Westwood Park , at timog ng Archbishop Riordan High School.

Sino ang mga may-ari ng Imbakan ng Tubig sa Balboa?

Ang "Imbakan ng Tubig sa Balboa" ay tumutukoy sa humigit-kumulang sa 17 ektarya ng ari-arian na pag-aari ng Lungsod at Probinsya ng San Franisco sa pamamagitan ng SFPU. Ang proyekto ng Imbakan ng Tubig sa Balboa ay hindi kinabibilangan ng lupain na pagmamay –ari ng City College, kanluran kaagad ng Phelan Ave, na naglalaman ng City College's Multi-Use Building at katabing garahe.

Bakit nangyayari ngayon ang pag-unlad na ito?

Sa pamamagitan ng pagsuporta sa Proposisyon K noong 2014 at ng isa pang Prop K noong 2015, sinabi ng mga botante ng San Francisco sa Lungsod na gusto nilang makabuo ng abot-kayang pabahay sa parehong pag-aaring mga puwestong pribado at pampubliko. Ang Pampublikong Lupa para sa Proyekto ng Pabahay ay nakilala ang Imbakan ng Tubig bilang isang ari-arian na makakatulong upang makamit ang mga layuning ito habang nagbibigay ng pagkakataon para sa iba pang mga pangangailangan ng komunidad, tulad ng bukas na espasyo at pangangalaga ng mga bata.

Paano pinipili ng Lungsod ang kasosyo sa pagbabago?

Noong 2015, ang Balboa Reservoir Community Advisory Committee (BRCAC) ay nilikha upang manghingi ng pampublikong komento at tumulong na lumikha ng mga Prinsipyo ng Pag-unlad at mga Parameter upang gabayan ang tagapagtayo sa proseso ng pagpili. Pagkatapos ng pampublikong pagpupulong at isang panahon ng pampublikong komento sa mga panukala sa pag-unlad para sa puwesto, sinusuri ng nagsusuring panel at pinuntusan ang mga panukala. Ang panel ay binubuo ng mga kinatawan ng mga ahensya ng Lungsod, City College of San Francisco at ng Komite ng Pagkokonsultahan ng Imbakan ng Tubig sa Balboa. Ang mga panukala ay sinusuri batay sa pagkakapare-pareho ng mga prinsipyo at parameter ng pag-unlad, pati na rin ang karanasan ng mga nagmumungkahi, teknikal at pinansyal, at kakayahang tumugon sa mga alalahanin ng mga miyembro ng komunidad.

Ang mga patalastas ng mga panukala ng mga pangkat ng pag-unlad at mga pagtatanghal noong Hunyo 2017 sa publiko ay na ipost online sa http://sfwater.org/balboa/community.

Sino ang pangkat ng pag-unlad na nagtatrabaho sa Lungsod?
Noong Agosto 3, 2017, ang proseso ay nagtapos sa pagpili ng isang pangkat ng pag-unlad, na binubuo ng maraming hindi kumikita at mga market rate developers. Pinangungunahan ng mga Komunidad ng Avalon Bay, at ng BRIDGE Housing, Mission Housing, kasama rin sa koponan ang Pacific Union Development Company at Habitat for Humanity of Greater San Francisco. Maaari kang matuto nang higit pa tungkol sa mga panukala ng mga pangkat ng pag-unlad na ito sa http://balboareservoir.com

Ano ang mga sumusunod na hakbang sa proseso ng pagpaplano?
Simula ng kanilang pagpili, ang koponan ng nagpapa-unlad ay nagtatrabaho sa Lungsod at sa CAC upang humingi ng kuro-kuro sa komunidad sa kanilang panukala. Nililinaw nila ang kanilang panukala upang maipakita ang mga prayoridad ng komunidad at nagsumite ng isang aplikasyon ng pag-susuri sa kapaligiran (EEA) noong Hunyo 2018 (tingnan ang pagtatanghal ng CAC mula Abril 9).

Sa tag-araw ng 2018, susuriin ng Lungsod ang EEA para sa pagkakumpleto at magbigay ng Notice of Preparation (NOP) plano ng Environmental Impact Report (EIR). Sa huling araw ng tag-init o maagang taglagas, ang Lungsod ay magkakaroon ng pulong at panahon ng komento para sa mga miyembro ng publiko upang magkomento sa saklaw ng pagsusuri sa kapaligiran. Pagkatapos ay magsisimula ang isang pangkat ng kinukonsulta sa pagtatasa ng epekto sa kapaligiran sa koordinasyon ng Lungsod. Ang teknikal na pagsusuri ay makikilala ang mga potensyal na epekto batay sa panukala, mga potensyal ng iba't-ibang panukala, potensyal na solusyon upang mabawasan ang makabuluhang epekto sa kapaligiran. Mangyaring tingnan ang sf-planning.org/environmental-planning para sa karagdagang impormasyon tungkol sa proseso ng pagsusuri sa kapaligiran ng Lungsod.

Paano ako makakapagbigay ng mga komento sa plano ng EIR?
Ang plano ng EIR ay makikilala ang mga potensyal na epekto, mga hakbang sa pagpapagaan, at mga alternatibo sa proyekto. Sa paglalathala nito, ang Kagawaran ng Pagpaplano ay mag iiskedyul ng isang pampublikong pagdinig bago sa Komisyon sa Pagpaplano at manghingi ng nakasulat na mga komento tungkol sa kawastuhan at pagkakumpleto ng plano ng EIR sa loob ng 45 na araw. Ang plano ng paglalathala ng EIR at ang pampublikong pandinig ay inaasahang magaganap sa 2019.

Paano kung mayroon akong mga karagdagang komento sa disenyo ng panukala?
Sa panahon ng pagrerepaso sa kapaligiran, ang Lungsod at ang pangkat ng nagpapaunlad ay magpapatuloy din sa disenyo na mga pagsasanay ng komunidad at paglilibot, na nagbibigay ng pagkakataong talakayin ang bukas na espasyo, mga kalye at mga disenyo ng arkitektura nang mas detalyado. Ang mga pagsasa alang-alang na ito ay napakahalaga upang mapadalisay ang komento ng komunidad, ngunit hindi makakaapekto sa pag-aaral ng kapaligiran na nagyayari ng magkakasabay.

Ang ilan sa mga pangyayaring ito ay magaganap sa Komite ng Tagapayo ng Komunidad ng Imbakan ng Tubig sa Balboa. Para sa mga pagbabago sa pagpupulong, pakibisita ang sf-planning.org/brcac. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pangkat ng pag-unlad at mga kaganapan ng komunidad ay matatagpuan sa website ng mga pangkat ng pagpapa-unlad sa balboareservoir.com.

Paano nakaka apekto ang aking mga komento sa plano?
Ang iyong mga komento na saklaw ng EIR ay maaaring maka apeko sa kung ano ang nasuri sa proseso ng pagsusuri ng kapaligiran. Mangyaring tingnan ang "Ano ang mga susunod na hakbang sa proseso ng pagpaplano?" sa itaas.

Kahanay ng pagsusuri ng kapaligiran, ang Lungsod at ang nagpapaunlad ay magpapadalisay ng mga elemento ng disenyo ng kalye, disenyo ng gusali at pamantayan ng agrekultura, at bukas na espasyo batay sa pampublikong pahayag.

Kasunod ng pagsasara ng plano ng EIR sa apat-napung araw na panahon ng komento, ang isang Tugon sa dokumento ng Komento ay magiging handa upang tumugon sa lahat ng mga kapalit ng mga isyu na nakataas sa nakasulat at oral na patotoo, at maaaring kabilang ang mga pagbabago o pagwawasto sa plano ng EIR. Pagkatapos ng paglalathala ng mga Tugon sa dokumento ng mga Komento, isang sertipikasyon ng pandinig ng EIR ang naka iskedyul bago ang Komisyon ng Pagpaplano.

Ang sertipikasyon ng EIR ay hindi aaprubahan o hindi tinatanggap ang isang proyekto. Bilang pagtatapos, ang EIR ay sumusunod sa batas ng estado ng California Environmental Quality Act (CEQA), at ipinabatid sa gumagawa ng desisyon ang mga kahihinatnan sa kapaligiran ng kanilang desisyon kung aaprubahan ang proyekto.

Hindi ako makadalo ng personal sa mga pag pupulong. Paaano ako makakasali?
Mangyaring tingnan sa itaas para sa pagbibigay ng mga komento sa plano ng EIR sa panahon n g proseso ng pag-susuri ng kapaligiran. Bilang karagdagan, maari kang makipag-ugnay sa mga miyembro ng CAC at suriin ang mga audio recording mula sa mga pulong ng CAC sa http://sf-planning.org/brcac. Maaari ka ring mag-email sa mga kawani ng Lungsod sa BRCAC@sfgov.org. Para sa mga walang magagamit na internet, mangyaring makipag-ugnayan kay Tom Shanahan sa (415) 554-6512 upang ayusin ang isang alternatibong paraan upang magamit ang mga presentasyon at impormasyon ng mga panukala. Ang nakasulat na mga komento tungkol sa mga panukala ay maaaring ipadala kay:

Tom Shanahan
Office of Economic and Workforce Development
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place
Room 448
San Francisco, CA 94102